Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG HULYO 6, 2009, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

Kagalang-galang ALAN T. PAMATMAT ..... PANGALAWANG PUNONG BAYAN Tagapangulo
Kagalang-galang Louie C. de Leon ..... Kagawad
Kagalang-galang Ramon D. Tan ..... Kagawad
Kagalang-galang Jun M. Asinas ..... Kagawad
Kagalang-galang Romulo A. Elca ..... Kagawad
Kagalang-galang Roselon F. Pamatmat ..... Kagawad
Kagalang-galang Angelito U. Limjuco ..... Kagawad
Kagalang-galang Oscar F. Feliciano ..... Kagawad
Kagalang-galang Isagani R. Malapaya ..... Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay

DI-DUMALO

Kagalang-galang Laura P. Obligacion ..... Kagawad
Kagalang-galang John Carlos C. delos Reyes . Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan

### KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 16-T2009

**KAUTUSANG INILILIPAT ANG PONDONG NAGKAKAHALAGA NG WALUMPU'T DALAWANG LIBO SIYAMNARAANG PISO (Php82,900.00) MULA SA POSISYONG FUMIGATOR TUNGO SA POSISYONG SANITATION INSPECTOR I SA TANGGAPAN NG PAMBAYANG MANGGAGAMOT MULA SA BUWAN NG MARSO HANGGANG DISYEMBRE, 2009.**

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng Kagalang-galang Sangguniang ito ang kahilingan ni Dra. Delia A. Becina, Pambayang Manggagamot at iniliwat sa sangguniang ito ng Kagalang-galang Punong Bayan Ariel T. Magcalas, na mapondohan ang posisyong Sanitation Inspector I na magmumula sa naiwang posisyong Fumigator ng yumaong si G. Antonio de Guzman mula sa buwan ng Marso hanggang Disyembre, 2009;

**SAPAGKA'T,** ang nasabing kahilingan ay napaliwat sa Lupon sa Pananalapi para sa pagsusuri at pag-aaral;

**SAPAGKA'T,** matapos na ito ay masuri at mapatunayan ng mga kasapi ng lupon sa nasabing Pambayang Manggagamot ang pangangailangan ng nasabing posisyon sa tanggapan ay inirekomenda na ang paglilipat ng pondo para sa posisyong Sanitation Inspector I.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Louie C. de Leon (Tagapamuno ng Lupon sa Panalalapi), na pinangalawahan ng Kagalang-galang Kagawad Jun M. Asinas at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang sumusunod na:

**SEKSYON 1**- Ilipat at ilaan ang pondong nagkakahalaga ng Walumpu't Dalawang Libo Siyamnaraang Piso (Php82,900.00) mula sa posisyong Fumigator patungo sa posisyong Sanitation Inspector I sa Tanggapan ng Pambayang Manggagamot mula sa buwan ng Marso hanggang Disyembre, 2009, sa ikaaayos ng badyet sa taong ito.

**SEKSYON 2** – Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos na mapagtibay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Sangguniang Panlalawigan, Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos, Pambayang Pinuno sa Badyet at Pambayang Manggagamot, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kautusang ito.

Jeanette P. Alfonso
**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

karugtong ng Kautusang Bayan Blg. 16-T2009



**LOUIE C. DE LEON**
Kagawad

**RAMON D. TAN**
Kagawad

**JUN M. ASINAS**
Kagawad

**ROMULO A. ELCA**
Kagawad

**ROSELON F. PAMATMAT**
Kagawad

**ANGELITO U. LIMJUCO**
Kagawad

**OSCAR F. FELICIANO**
Kagawad

**ISAGANI R. MALAPAYA**
Kagawad

NAGPATOTOO:

Alan T. Pamatmat
**ALAN T. PAMATMAT**
Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan